# GURO: SA LIKOD NG YESO AT PISARA

*by:*
**Cherry B. Valencia**
*Teacher III, Nagwaling Elementary School*

Sa likod ng yeso at pisara, may isang mundo ng pagtuturo at pag-aaral na nagaganap. Ang mga guro ay ang mga arkitekto ng lipunan, na bumubuo at humuhubog ng murang isip at puso ng mga mag-aaral. Sila ang mga tagapanday ng kaalaman, tagapagpayo, at nagtuturo sa mga mag-aaral na magkaroon ng pag-asa at pangarap para sa buhay at kanilang kinabukasan. Ngunit, ano nga ba ang nakakubli sa likod ng yeso at pisara? Ang tanong na marahil na iilan lamang ang nakababatid. Ano ang mga hamon at pagsubok na kinakaharap ng mga guro sa kanilang napiling propesyon? Sabay-sabay tayong tumingin sa mundo ng mga guro at alamin kung ano ang mga dahilan kung bakit sila ay nagiging mga bayani sa bagong henerasyon sa likod ng maalikabok na yeso at pisara.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang mga guro ay nagtuturo hindi lamang ng mga akademikong paksa, kundi pati na rin ng mga importanteng kasanayan para magamit sa totoong laban sa buhay. Sila ay nagtuturo sa mga mag-aaral na magkaroon ng kritikal na pag-iisip, malikhaing paglutas ng problema, at epektibong komunikasyon sa bawat isa. Sila ay mga modelo at tintingala ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng mga mahahalagahang kaugalian na dapat maisabuhay tulad ng paggalang, pagtitiwala, at pagmamahal sa kapwa. Gayunpaman, ang mga guro ay hindi ligtas sa mga hamon at pagsubok sa pang-araw-araw na buhay. Sila ay nahaharap din sa mga suliranin tulad ng kakapusan ng mga kagamitan sa pagtuturo, malalaking bilang ng bata sa klase, at mga mag-aaral na may iba't ibang pag- uugali at pangangailangan na kailangan nilang matugunan. Sila ay nagtitiis at nagtatrabaho ng mahabang oras, nagpaplano ng mga aralin, nagtuturo, at nagpapastol ng mga estudyante. Ngunit

sa kabila ng lahat sakripisyo at pagsisikap na ito, sila ay madalas na hindi nakakakuha ng sapat na suporta at pagkilala sa ating lipunan.

Sa kabila ng mga hamon, ang mga guro ay nananatiling mga bayani sa likod ng yeso at pisara. Sila ay patuloy na nagtuturo ng mga mag-aaral na magkaroon ng pag-asa at pangarap para sa kinabukasan. Sila ay patuloy na nagiging inspirasyon sa mga kabataan para magkaroon ng tiwala sa sarili at patuloy na abutin ang mga pangarap nila sa buhay. At, sa huli, sila ay nagiging mga tagapag-ugnay ng pagbabago, na nagtuturo sa mga mag-aaral na magkaroon ng positibong pagtingin at impluwensya sa lipunan kanilang gingalawan.

Kaya't, sa mga guro na patuloy na nagsisikap para mapatuto ang bawat kabataang Pilipino, salamat sa inyong dedikasyon at pagmamahal. Kayo ay mga bayani sa likod ng yeso at pisara, at ang inyong mga gawa at pagsisikap ay patuloy na makikintal sa bawat puso’t isipan ng mga mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://tl.madreshoy.com/ang-mahahalagang-papel-ng-guro-sa-mga-bata/